GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA
Department of **Local Government, Sport and Cultural Industries**
Office of **Multicultural Interests**

# Western Australian "Kailangan ko ng Kard ng Interpreter"

# Impormasyon para sa mga Komunidad

**Kung nahihirapan kayong makipag-usap sa Ingles, sa pamamagitan ng kard na ito malalaman ng mga ahensiya ng Pamahalaan na kailangan niyo ng interpreter.**

## Paano ko magagamit ang kard?

Isulat sa harap ng kard ang wika na iyong ginagamit sa Ingles. Kung kayo ay nagsasalita o gumagamit ng maraming wika, isulat sa kard ang iba pang wika sa ayos mula pinaka-marunong hanggang pinaka-mahinang paggamit. Magtanong sa taong nagbigay sa iyo ng kard, kung kinakailangn niyo ng tulong.

Kung kailangan niyo ng tulong ng interpreter sa paggamit ng serbisyo ng Pamahalaan, ipakita ang iyong kard sa isang kawani. Sisikapin nilang tumawag ng isang interpreter (maaaring personal o sa pamamagitan ng telepono) na nagsasalita rin ng iyong wika.

Kung ang interpreter na nagsasalita ng iyong unang wika ay abala, susubukan ng kawani na makahanap ng ibang interpreter  na nagsasalita ng iyong ikalawa o ikatlong wika.

## Sino ang maaaring makakuha ng Kard ng Interpreter?

Kahit sinong nangangailangan ng tulong para makipag-usap sa Ingles kapag gumagamit ng mga serbisyo  ng Pamahalaan ay maaaring makakuha ng kard.

## Magkano ang halaga ng kard?

Walang bayad ang kard. Kung mawala ninyo ang kard, makakakuha kayo ng panibago na walang bayad.

## Saan ako makakakuha ng kard?

Makakakuha ng kard sa mga "Migrant Resource Centres", mga nagbibigay ng mga serbisyo sa mga multikultural sa komunidad, sa ilang mga pampublikong ospital, sa mga paaralan na may mga "Intensive English Centres", sa ilang autoridad ng Lokal na Pamahalaan, sa ''WA Deaf Society'' at sa "Kimberley Interpreting Service".

## Hanggang kailan ko magagamit ang kard?

Magagamit niyo ang kard hanggang kailangan niyo ng tulong ng interpreter para magamit ang mga serbisyo ng Pamahalaan. Wala itong petsa ng pagwawakas.

Information for Communities: Filipino

www.omi.wa.gov.au

## Maaari bang gamitin ng ibang tao ang aking kard?

Kahit sinong nagsasalita o gumagamit ng iyong wika ay maaaring gumamit ng iyong kard, kasama na ang mga miyembro ng iyong pamilya.

## Maaari ba akong humiling ng isang interpreter kahit wala akong kard?

Oo. Maaari pa kayong humiling ng isang interpreter sa mga ahensiya ng Pamahalaan kahit wala kayong kard.

## Kailangan ko bang bayaran ang interpreter?

Hindi. Kung karapat-dapat kayong gumamit ng serbisyo ng Pamahalaan, ang ahensiya ang magbabayad sa interpreter.

## Maaari ba akong humiling ng lalaki o babaeng interpreter?

Maaari kayong humiling ng lalaki o babaeng interpreter. Subalit walang katiyakan na mapagbibigyan ang iyong kahilingan.

## Maaari ba akong makiusap sa kapamilya o kaibigan para mag-interprete?

Hindi ito rekomendado, maliban kung para sa pagsasaad ng batayang impormasyon o sa mga di-pangkaraniwang pangyayari.

Ang mga kaibigan o kapamilya ay maaaring masangkot ang damdamin, at maaaring kulang sa kinakailangang mga kasanayan at pagiging walang pinapanigan. Kahit sinong mas bata sa 18 taon ang gulang ay hindi dapat mag-interprete.

## Maaari ko bang ipagbigay-alam nang mas maaga sa serbisyo na kailangan ko ng interpreter?

Oo, maliban na lang kung kagyat o emerhensiya, mas mabuting ipagbigay-alam nang mas maaga sa kawani na kailangan niyo ng interpreter upang makagawa sila ng mga kinakailangang pag-aayos.

## Paano kung hindi ko ipinabatid sa kawani nang mas maaga na kailangan ko ng interpreter?

Gagawin ng kawani ang lahat ng makakaya upang matulungan kayo. Halimbawa, maaari silang:

- gumamit ng interpreter sa pamamagitan ng telepono, kung walang makuhang interpreter para sa harapang pagsasalin-wika;
- magsasayos ng ibang oras na pagkikita kapag mayroon nang interpreter;
- magbigay ng impormasyon sa wikang nababasa mo, kung mayroon; o
- o magtalaga ng kawani na nakakapagsalita sa iyong wika, kung mayroon, upang kumuha ng batayang impormasyon, para makatulong sa pagtawag sa interpreter.

## Ano ang maaari kong gawin kung ang hiling ko sa pagkakaroon ng interpreter ay tinanggihan?

Sa ilang kaso, maaaring hindi makapagbigay ng ahensiya nang interpreter na kinakailangan niyo, ngunit susubukan nilang matulungan kayo sa ibang paraan (halimbawa, sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon sa wikang nababasa niyo. Ngunit, mangyari pong ipaalam sa ahensiya kung nahihirapan kayong bumasa sa sariling wika.)

Kung kailangan niyo ng interpreter at humiling kayo nito, ngunit tinanggihan ng ahensiya, maaari kayong magreklamo sa naturang ahensiya.

Kung hindi kayo nasiyahan sa tugon ng ahensiya, maaari kayong tumawag sa *Western Australian Ombudsman* sa 9220 7555 o mag-email sa mail@ombudsman.wa.gov.au. Maaari niyo itong gawin gamit ang sariling wika.

## Saan ko maaaring gamitin ang Kard ng Interpreter?

Depende kung ano ang nais niyong pag-usapan, dapat magdesisyon sa bawat pagkakataon ang mga ahensiya ng Pamahalaan kung ang interpreter ay kinakailangan, dapat o maaaring italaga. Obligado silang magtalaga ng interpreter kung ang iyong mga karapatan, kalusugan at kaligtasan ay nasa panganib. Kabilang sa mga ahensiya ng Pamahalaan na malamang mangailangan ng interpreter ay ang mga sumusunod:

- mga pampublikong ospital
- mga estasyon ng pulisya
- mga korte at hukuman
- mga paaralan ng Estado
- mga tanggapan ng pampublikong pabahay
- mga tanggapan ng lokal na pamahalaan

Kailangan niyo ring tingnan, kung mayroong mga doktor at botika sa iyong karatig pook na nagbibigay ng libreng serbisyo ng interpretasyon na pinopondohan ng Kagawaran ng mga Panlipunang Serbisyo.

Kung kayo ay Bingi o may suliranin sa pandinig, ang mga interpreter ng Auslan ay itatalaga sa mga pagkikita sa pribadong *medikal ng National Auslan Booking and Payment Service* (NABS) nang wala kayong babayaran. Ang NABS ay makontak sa pamamagitan ng kanilang website www.nabs.org.au

## Saan hindi maaaring gamitin ang Kard ng Interpreter?

Maraming mga negosyo at serbisyong pangkalakalan ang hindi nagbibigay ng serbisyo ng interpreter.

Ang mga organisasyon tulad ng mga pribadong ospital at klinika, pribadong paaralan, pribadong serbisyong legal, at pribadong kompanya ng transportasyon ay maaaring magsiayos ng interpreter, ngunit maaari kayong singilin sa paggamit ng interpreter.

Kung kayo ay Bingi o may problema sa pandinig, ang mga pribadong paaralan ay obligadong magtakda sa iyo ng interpreter batay sa *Disability Discrimination Act* (Education Standards).

Ang mga isinalin-wikang kopya ng polyetong ito, at ang impormasyon tungkol sapo Western Australian Language Services Policy ay makukuha sa website ng Office of Multicultural Interests sa www.omi.wa.gov.au.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Office of Multicultural Interests, Department of Local Government, Sport and Cultural Industries, sa 6551 8700.

Pagkilala: Kinikilala ng Office of Multicultural Interests ang kapahintulutan ng Victorian Multicultural Commission na baguhin ang polyetong Victorian Interpreter Card na gagamitin sa Western Australia..